



Pansamantalang Gabay para sa Pagprotekta sa mga Empleyado ng Bihasang Nursing at mga Palisidad ng Pangmatagalang Pangangalaga (Skilled Nursing and Long-Term Care Facilities) mula sa pagkakalantad sa Coronavirus Disease (COVID-19)

Abril 5, 2020

Tala: Ang dokumentong ito ay tumutukoy sa mga pangangailangan ng respirator, mga programa sa proteksiyon sa paghinga (respiratory protection) at mga airborne infection isolation room. [Cal/OSHA Interim Guidance sa COVID-19 para sa mga Pasilidad sa Pangangalaga sa Kalusugan: Labis na Kakulangan ng Gamit na Respirator](#), ito ay impormasyon tungkol sa pagsikap na maabot ng inyong makakaya na sumunod sa mga pamantayan ng Cal/OSHA respiratory protection sa kasalukuyang kakulangan ng respirator.

Kinagisnan

Ang mga regulayon ng Cal/OSHA ay kailangan para sa proteksiyon ng mga empleyado na nalantad sa nakahahawang mga sakit na dala ng hangin gaya ng COVID-19, ito ay unang nakilala noong Disyembre 2019. Ang pansamantalang patnubay na ito ay magbibigay sa mga employer at mga empleyado ng mga bihasang nursing at palisidad ng pangmatagalang pangangalaga ng mga mahahalagang impormasyon upang maiwasan malantad sa virus. Dapat suriin ng mga employer at ng mga empleyado ang kanilang mga patakaran sa kalusugan at kaligtasan, at ang mga rekomendasyon at mga detalyong regulasyon nabanggit sa ibaba , para masigurado na ang mga empleyado ay protektado mula sa COVID-19.

Mga Senyales at Sintomas ng Virus, at Papaano Kumakalat ang Virus

Ang mga senyales at sintomas ng COVID-19 ay lagnat, ubo at hirap sa paghinga. Sa mga kasong iniulat, ang kalubhaan ng karamdaman ay mula sa bahagyang mga sintomas hanggang sa kamatayan. Ang oras mula sa pagkahantad hanggang magkasintomas ay mula dalawa hanggang 14 na araw. Ang virus ay kumakalat sa ibat-ibang tao, malamang sa pamamagitan paghawak ng taong may sakit sa ibang tao, at maliliit at malalaking patak ng laway galing sa baga at posibleng mga partikula na

maaaring tumama sa mga "mucous membrane" ng mata, ilong o bibig, o maaaring malanghap sa ilong o bibig.

Bihasang Nursing / Palisidad ng Pangmatagalang Pangangalaga at COVID-19

Ang mga residente ng bihasng nursing at mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay may mas mataas na pagkakataon na maapekatohan ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 dahil sa katangian ng kongregasyon ng mga pasilidad at mga katangian ng mga residente nito, na kadalasang kinabibilangan ng mga matatanda o mga taong meron na may ibang sakit. Ang mga empleyado ng mga pasilidad na ito ay malalagay rin sa mga panganib. ANG COVID-19 ay mabilis kumalat sa mga palisidad ng pangmatagalang pangangalaga, gaya ng nangyari sa estado ng Washington kamakailan, detalyado ng isang **ulat** galing sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at **pahayagan** ng New England Journal of Medicine.¹

Ang pagsiklab ng sakit na COVID-19 ay nangyari sa King County, Washington, kung saan 30 palisidad ng pangmatagalang pangangalaga ay nag-ulat ng isa o higit pang kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 mula Pebrero 27 hanggang Marso 18, 2020. Nitong Marso 18, 101 residente, 50 tagapangalaga ng kalusugan, at 16 na bisita ang kumpirmadong may COVID-19; 34 na mga residente ang namatay.

Ayon sa CDC, ang sumusunod ay malamang na mga dahilan ng pagsiklab nito:

- Ang mga empleyado ay nagtrabaho habang nakararanas ng mga sintomas ng sakit
- Ang mga empleyado ay nagtrabaho sa higit sa isang pasilidad
- Hindi masyadong pamilyar at hindi sumusunod sa pamantayan, pagiwas sa mga patak ng laway at pagiwas sa paghawak at mga rekomendasyon sa proteksiyon ng mata²
- Naantalang pagkilala sa mga kaso dahil sa malabong paghihinala, limitadong pagsuri, at kahirapan sa pagkilala ng mga taong may sintomas ng COVID-19.

Pagkatapos ng biglang pagsiklab ng sakit, sinimulan ng mga kinauukulang lokal at estado ng Washington ang mga hakbang para hadlangan ang sakit sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, kabilang nito ay ang mga sumusunod:

- Pagpapatupad ng mga patakaran sa pagsusuri ng sintomas at patakaran sa paghihigpit sa mga bisita at tauhan na hindi kailangan sa pasilidad.
- Aktibong pagsusuri sa mga empleyado ng kalusugan, pati na ang pagtingin at dokumentasyon ng temperatura ng katawan at pagtiyak sa mga sintomas ng sakit sa baga upang makilala at hindi payagang pumasok ang mga empleyado na may sintomas.
- Pagsubaybay sa sintomas ng mga residente.
- Social distancing, kabilang ang paghihigpit sa paggalaw at pagkilos ng mga residente at mga gawain ng grupo.

- Pagturo sa mga empleyado kung paano ang tamang paggamit ng mga gamit para sa personal na proteksyon (PPE) at tamang pamamaraan para pigilan ang impeksyon.
- Gumawa ng mga plano upang tugunan ang kakulangan ng PPE, kabilang na ang koordinasyon sa supply chain ng county at estado at mga nakaimbak na gamit upang matugunan ang mga pangangailangan.

Ang dapat kailangang gawin ayon sa Cal/OSHA

Ang regulasyon ng Aerosol Transmissible Diseases (ATD) (California Code of Regulations, pamagat 8, [seksiyon 5199](#)), ay naglalaman ng mga kailangang gawin upang proteksyonan ang mga empleyado mula sa mga sakit at mga mikrobyong nangagaling sa mga aerosol. Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na nakukuha sa aerosol at ito ay sakop ng regulasyon ng ATD.

Ang regulasyon ng ATD ay kailangang sundan ng mga pasilidad ng bihasang nursing at palisidad ng pangmatagalang pangangalaga. Marami ding pasilidad at serbisyo na hindi nakatala rito at kailangang sumunod sa regulasyon ng ATD, ito ay mga pasilidad at serbisyo kung saan mas mapanganib ang dulot ng sakit galing sa mga aerosol. Para sa higit pang impormasyon at higit pang detalye kung paano susundin ang regulasyon ng ATD, sundan ang [website na Cal/OSHA COVID-19](#).

Bihasang nursing at pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nag-rerefer o naglilipat ng mga pasyenteng suspekto o kumpirmadong may COVID-19 na sakit sa ibang palisidad

Sa karamihan, inililipat ng bihasang nursing at pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ang mga pasyente sa mga ospital kapag sila ay kailangang ibukod magisa sa isang kwarto. Ang tawag sa mga employer na naglilipat ng gayong mga pasyente ay "referring employer" at ayon sa regulasyon ng ATD, hindi lahat ng regulasyon ay kailangang sundan hindi tulad ng mga acute care facilities. Gayunman, ang mga pasilidad ng medisina ay dumaranas ng maraming COVID-19 kaso, at ito ay hinulaang possibleng mangyari na ang referring employer ay hindi maililipat ang mga pasyente at kailangang panatilihin sa pasilidad. Ito ay bahagi ng regulasyon ng ATD, dahil dito, merong karagdagang kailangang gawin ang mga employer at ito ay [tinalakay sa ibaba](#).

Mga kailangang gawin ng mga "referring employers"

Kung ang bihasang nursing o pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay hindi nag-aasikaso, nagsusuri, gumagamot, pinatitira o naghahatid ng mga pasyente na may pinaghihinalaan or kumpirmadaong nakahahawang mga sakit katulad nang COVID-19 maaaring sila ay isang "referring employer". Ang "referring employers" ay kailangang gumawa nang mga patakaran para maingatan ang kanilang mga empleyado mula sa mga sakit na nakakahawa galing sa mga aerosol sa ilalim ng ATD Standard, kasali na ang mga sumusunod:

- Ipatupad ang nasusulat na mga pamamaraan sa pagpigil ng impeksiyon, gaya ng sumusunod na mga sakit na "aerosol-transmissible," kasama na ang COVID-19.
 - Italaga ang isang tao upang isagawa ang mga pamamaraan upang mapigil ang impeksiyon.
 - Isama ang mga pamamaraan sa paglilinis at pagdidisimpekta sa mga lugar ng trabaho, sasakyan at gamit na maaaring magdulot ng panganib na impeksiyon sa mga empleyado.
 - Isama ang mga pamamaraan na inirerekomenda ng **CDC para sa paghadlang sa COVID-19** sa mga palisidad ng pangmatagalang pangangalaga gaya ng:
 - Magbawal ng mga pagdalaw maliban sa ilang kalagayan ng mahabaging pangangalaga, tulad halimbawa ng wakas ng mga kalagayan sa buhay.
 - Higpitan ang pagpasok ng mga boluntaryo, di-kinakailangang mga tauhan sa pangangalaga sa kalusugan at iba pang mga serbisyo (hal., barbero).
 - Kanselahin ang lahat ng aktibidad ng grupo at kainan ng komunidad.
 - Ipatupad ang aktibong pagsusuri sa mga residente at mga empleyado sa pag-aalaga upang malaman kung sino ang may lagnat at sintomas sa baga.
 - Tiyaking ang programang pagpigil sa impeksiyon ay mahihingi at makikita ng mga empleyado at ng kanilang mga kinatawan sa trabaho
- Ipatupad ang nasusulat na mga pamamaraan para mabilis ang pagsuri, pag-refer at paglipat ng mga pasyente, at kung posible, pasyente na potensyal o kumpirmadong merong nakahahawang sakitna COVID-19, ay ilipat sa isang kuwalipikadong pasilidad.
- Ipatupad ang nasusulat na pamamaraan sa pagpigil ng impeksiyon, kasama na ang paggamit ng maskara ng mga pasyente, kung ito ay nasasapat gawin at ang mga pasyente ay hindi mapipinsala.
- Maglaan at tiyakin na ang mga empleyado ay gumagamit ng angkop na PPE at respirator kapag pumapasok sa isang silid o lugar na kinaroroonan ng isang pasyente na pinaghihinalaan o kumpirmadong merong COVID-19 na sakit at ang pasyente ay walang suot na maskara. Ang mga respirator ay dapat ding gamitin kung ang pasilidad ay may mga nakatirang pasyente na kumpirmadong merong COVID-19 na sakit, sa halip na ilipat ang mga ito sa isang ospital o iba pang pasilidad na may mga airborne infection isolation rooms. Ang mga respirator ay

kailangang sertipikado ng NIOSH at kailangang magtatanggal ng 95 porsiyento o higit pa ng partikula dala ng hangin.

PAUNAWA: Sa mga kalagayang hindi emergency, ang employer ay kailangang bigyan ang mga empleyado at tiyakin na ang mga empleyado ay gumagamit nang respirator na sertipikado ng NIOSH kapag malalantad sila sa mga virus katulad ng SARS-COV-2. Gayunman, sa kasalukuyang krisis ng COVID-19, ang mga employer na kailangaing sumunod nang regulasyon na ito ay walang sapat na gamit na respirator dahil sa naubusan o walang makuha o mabili dahil nagkaraon ng maraming COVID-19 na mga kaso, kailangang bigyan ang mga empleyado ng “surgical mask.” Ang “surgical mask” ay maaari lamang gamitin kung ang mga gawain ay mababa ang mga peligro kapag inaasikaso ang mga pasyente. Ang mga empleyado ay dapat na ma protektahan ng isang NIOSH certified powered air-purifying respirators (PAPRs) kapag may gawain na maglilikha ng aerosol galing sa pasyente. Maaaring magamit lamang ang N95 respirator kung walang magamit na PAPR dahil sa sobrang daming kaso ng COVID-19. Higit pang impormasyon ang makukuha sa [Cal/OSHA Interim Guidance sa COVID-19 para sa mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan: Labis na Kakulangan ng Gamit na Respirator](#). *Pakisuyong pansinin na kapag mayroong nang sapat na gamit na respirator, kailangang sundan ang regulasyon ng Cal/OSHA at mga rekomenda ng CDC ng mga pasilidad ng mga bihasang nursing na gumawa ng plano para sa respirator proteksyon.*

- Magbigay ng serbisyong medikal sa mga empleyado
 - Mag-alok sa mga empleyado ng mga bakuna para sa pana-panahong trangkaso at iba pang sakit na nakatala sa titulo 8 seksiyon 5199
- **Apendiks E**
- Magsiyasat at gawin ang mga pamamaraan sa pag-iwas kapag ang empleyado ay insendenteng nalantad sa virus:
 - Sabihin sa lokal na opisyal ng kalusugan kapag merong pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19.
 - Ipagbigay-alam sa ibang employer ng mga empleyado na maaaring nalantad sa ibang taong pinaghihinalaan o may kumpirmadong kaso ng COVID-19, gaya ng mga paramedik, "emergency medical technicians, emergency responders" o mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan o mga ahensiyang tumatanggap ng mga pasyenteng inerefer.
 - Siyasatin at tiyakin kung sinong mga empleyado ang nasa pinakadelekadong malantad sa COVID-19 at suruin ang mga gawain ng empleyado kung paano sila malalantad sa COVID-19. Ipamahagi ito sa lokal na opisyal sa kalusugan.
 - Ipaalam sa mga empleyadong nalantad ang petsa, oras at ang katangian ng pagkakalantad.

- Kumuha ng isang lisensiyadong doktor na mag-bibigay ng medical checkup sa mga empleyado na nalantad, kasama na rin ang pagbibigay ng bakuna, “prophylaxis” at paggamot.
- Tanggalin ang mga nalantad na empleyado mula sa kanilang regular na gawain para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 kung ito ay inirerekomenda ng propesyonal o lokal na opisyal ng kalusugan.

Kung kailangang ialis ang empleyado sa gawain, ang employer ay panatilihin ang kita, ranggo at lahat ng iba pang karapatan at benepisyo ng empleyado, pati na ang karapatan ng empleyado sa dati niyang trabaho, na para bang hindi natanggal sa trabaho o kaya’y nalimitado ang gawain dulot ng medikal.

- Magbigay ng sumusunod na pagsasanay sa mga empleyado at sila ay bigyan ng pagkakataon na magtanong sa isang taong nakakaalam ng sagot:
 - Mga palatandaan, sintomas, paano makukuha ang sakit, at kailan kinakailangan ang medikal checkup para sa mga sakit na "aerosol transmissible" kabilang na ang COVID-19
 - Mga pamamaraan at pamantayan sa pagsusuri sa mga pasyente na maaaring mangailangan ng "referral" sa ibang pasilidad
 - Ang mga paraan ng pagpagpigil ng pinagsimulan ng mga sakit at kung paano ipatatalastas ang mga hakbang na ito sa mga pasyente at mga bisita
 - Ang mga pamamaraan ng employer kung paano i-refer ang mga pasyente sa ibang pasilidad
 - Ang mga pamamaraan ng employer kung paano maprotektahan ang mga empleyado mula sa mga "aerosol transmissible disease" bago ilipat ang mga pasyente, at kung paano gagamitin ang lahat ng PPE
 - Pagsasanay sa respirator kapag ginagamit ito para sa proteksiyon sa paghinga
 - Ang mga pamamaraan ng employer kung paano ipagbigay-alam ang mga insidente, kung paano magbibigay ng mga bakuna, serbisyong medikal at mga medikal checkup.
 - Kung paano makukuha ng mga empleyado ang nasusulat na mga pamamaraan ng employer at kung paano maaaring makibahagi ang mga empleyado sa pagsisiyasat kung mabisa ang mga pamamaraan ng employer.

Bihasang nursing at pasilidad na pangmatagalang pangangalaga na hindi naglilipat ng pasyenteng suspekto or kumpirmadong mayroong COVID-19

Kung ang isang bihasang nursing o pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ay hindi maaaring irefer o mailipat ang isang suspek o kumpirmadong pasyenteng may COVID-19, bukod pa sa mga dapat gawin na ipinaliwanag sa itaas, ang mga sumusunod ay kailangang gawin:

Gaya ng nabanggit, ang patnubay na ito ay nagbibigay ng impormasyon kung ano ang dapat gawin para masundan ang pangangailan ng Cal/OSHA ATD Standard, 8 CCR Seksyon 5199. Sa panahon ng kasalukuyang kakulangan sa respirator, ang mga employer ay dapat na siyasatin at sundin ang dokumentong **Cal/OSHA Interim Guidance sa COVID-19 para sa mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan: Labis na Kakulangan sa Gamit na Respirator.**

Ilipat ang pasyente sa isang napapanahong paraan sa isang "airborne infection isolation room" (AIIR) kung ang pasilidad ay may isang magagamit. Kung ang palisidad ay walang AIIR, sumangguni sa California Department of Public Health, at maglaan ng pinakamataas na antas ng paghihiwalay na makukuha at angkop. Maaaring kasama rito ang isang pribadong silid na ang pinto ay laging nakasara sa pamamagitan ng portableng sistema upang lumikha ng negatibong presyon.

- Paglaanan ang mga empleyado ng isang respirator "fit-test," at aprobadong respirator ng NIOSH kapag ang empleyado ay nasa dako kung saan ang COVID-19 na mga pasyente ay naroroon. Ipatupad ng employer ang isang programang "respirator protection" upang matiyak na ang mga empleyado ay medikal na sinuri at magagamit ang respirator, tinuruan at binigyan ng "respirator fit-test". Inilathala ng Cal/OSHA ang **instruksiyon kung paano gumawa ng isang programang "respirator protection"** sa internet.
- Maglaan ng medikal chekup o pagmamanman na inirekomenda ng CDPH o ng Lokal na Kagawaran para sa Kalusugan para sa mga empleyado upang maagang malaman ang impeksiyon ng COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang **website ng Cal/OSHA Coronavirus.**

Mapagkukunan ng impormasyon

Bihasang Nursing at Pangmatagalang Pangangalaga

- California Association ng Mga Pasilidad sa Kalusugan. **Ang Programa ng Paghahanda sa Disaster ng CAHF.**
- Kagawaran ng Kalusugan ng California. Lahat ng Sulat sa Pasilidad AFL 20-25. **Paghahanda para sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) sa Mga Pasilidad ng Bihasang Nursing sa California.**

- Mga Sentro ng Estados Unidos para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. **Paghahanda para sa COVID-19: Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga, Mga Bahay sa Pangangalaga.**
- Mga Sentro ng Estados Unidos para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. **Ang COVID-19 sa isang Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga - King County, Washington, Pebrero 27 – Marso 9, 2020.**
- Mga Sentro ng Estados Unidos para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid. **Patnubay para sa Pagpigil sa Impeksyon at Pag-iwas sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) sa Mga Bahay sa Pangangalaga (REVISED)**

Mga Gabay at Fact Sheets ng Cal / OSHA para sa ATD Standard at Programang Respirator Protection:

- **Gabay para sa Kalahatang Industriya para sa Pagprotekta sa mga Empleyado mula sa Coronavirus (COVID-19)**
- **Cal/OSHA Interim Guidance sa COVID-19 para sa mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan: Labis na Kakulangan sa Gamit sa Respirator**
- **Kaligtasan at Kalusugan Fact Sheet | Mga Sakit galing sa Nakakahawang Aerosol**
- **Gabay ng California sa Lugar ng Trabaho sa mga Sakit galing sa Nakakahawang Aerosol**
- **Respirator Protection sa Lugar ng Trabaho**
- **Respirator Protection Fact Sheet**

Modelong Sulat na Plano at Programa Galing sa Cal/OSHA

- **Sakit na Nakakahawang Aerosol Modelong Programa, Plano Para Pigilan ang Paglantad**
- **Sakit na Nakakahawang Aerosol Modelong Programa, Plano Para sa Laboratoriong Biosafety**
- **Sakit na Nakakahawang Aerosol Modelong Programa para sa mga “Referring Employer”**

Abril 2020

¹ Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. *Ang COVID-19 sa isang Long-Term Care Facility - King County, Washington, Pebrero 27 – Marso 9, 2020.* MMWR. Marso 18, 2020. Pwedeng makuha sa: <https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/69/wr/mm6912e1.htm>; Temet M. McMichael et al. *Epidemiology ng Covid-19 sa isang Long-Term Care Facility sa King County, Washington.* *Ang New England Journal of Medicine.* Mar 27, 2020

² Sa California, ang airborne infection isolation ay kinakailangan upang maprotektahan ang mga empleyado mula sa COVID-19 bilang karagdagan sa pamantayan, maliit na patak ng laway at pag-iingat sa pakikipag-ugnay sa ilalim ng regulasyong Aerosol Transmissible Diseases (ATD) ng Cal/ OSHA (titulo 8 seksyon 5199).